

Ang buong teksto ng lahat ng mga Tanong sa Balota ay matatagpuan sa website ng Kagawaran ng Halalan sa www.ClarkCountyNV.gov/vote. Makukuha din ito kapag hiniling sa mga lokasyon ng sentro ng botohan sa Maagang Pagboto at Araw ng Halalan.

LUNGSOD NG HENDERSON

TANONG NUM. 1

Dapat bang pahintulutan ang Lungsod ng Henderson na panatilihin ang singil ng buwis na \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga sa loob ng 30 taon para gamitin sa pagpopondo sa mga gastusin sa pagpapatakbo at pagpapanatili ng mga parke at pasilidad na panlibangan sa Lungsod. Magpapatuloy ang nasabing singil ng buwis pagkatapos ang kasalukuyang singil ng buwis sa Hulyo 1, 2027. Ang magagastos ng may-ari para sa isang bagong \$100,000 na bahay ay tinatanyang hanggang \$42.00 bawat taon. Hindi daragdagan ang mga singil ng buwis bilang resulta ng pag-apruba sa tanong na ito.

Sa pagboto ng “OO,” papahintulutan ang Lungsod ng Henderson na panatilihin ang pagpapataw ng buwis sa ari-arian na hanggang \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga sa loob ng 30 taon. Sa pagpapatuloy na ito ng singil ng buwis, makukuha ang kinakailangang pondo para sa pagpapatakbo at pagpapanatili sa mga parke at pasilidad na panlibangan ng Lungsod.

Oo

Hindi

PALIWANAG AT SUMARYO

PALIWANAG - Sa taon ng pananalapi 1997, ipinasa at isinabatas ng Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Henderson ang resolusyon blg. 2009, na nagpahintulot sa Lungsod na magpataw ng espesyal na opsyonal na buwis na \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga para mapondohan ang mga gastusin sa pag-kuha, pagpapatayo, pagpapaganda, pagpapatakbo, at pagmementina ng mga parke at pasilidad na panlibangan ng Lungsod. Matatapos ang kasalukuyang espesyal na opsyonal na buwis 30 taon pagkatapos itong orihinal na isabatas, na ang taon ng pananalapi na matatapos sa Hunyo 30, 2027.

Sa pagboto ng “OO,” papahintulutan ang Lungsod ng Henderson na panatilihin ang pagpapataw ng buwis sa property na hanggang \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga sa loob ng 30 taon. Sa pagpapatuloy na ito ng singil ng buwis, makakakuha ng pondo para mapanatili ang kasalukuyang rate ng buwis para sa pagpopondo sa mga gastusin sa pagpapatakbo at pagmementina sa mga parke at pasilidad na panlibangan ng Lungsod. Sa kasalukuyan, sinusupportahan ng pondong ito ang 36.5% ng kabuuang badyet para sa pangkalahatang pondo ng Mga Parke at Libangan. Kumakatawan ito ng katumbas 180 na permanenteng posisyon. Sinusuportahan ng mga mapagkukunang ito ang malawak na hanay

ng mga serbisyo, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga senior center ng Lungsod, pagmementina ng mga parke at trail, paghahanda ng mga sports field, mga recreation center, Safekey programming, aquatics, mga serbisyo para sa kabataan at teenager, preschool, at mga programa ng nutrisyon sa nakatatanda, na magbibigay-daan sa paggawa ng mga ligtas na espasyo para sa mga pamilya, bata, at nakatatanda, na maghahatid ng mas masiglang komunidad na mas malayo sa sakit.

Sa pagboto ng “hindi,” pipigilan ang Konseho ng Lungsod ng Lungsod ng Henderson na panatilihin at ipataw ang espesyal na opsyonal na buwis na \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga sa oras na matapos ang kasalukuyang espesyal na opsyonal na buwis sa taon ng pananalapi na matatapos sa Hunyo 30, 2027, na magreresulta sa pagkawala ng 36.5% ng kabuuang badyet para sa pangkalahatang pondo ng Mga Parke at Libangan. Kumakatawan ito ng katumbas 180 na permanenteng posisyon sa Departamento ng Mga Parke at Libangan ng Lungsod na kasalukuyang pinopondohan gamit ang nalilikom sa espesyal na opsyonal na buwis.

KABUUAN – Kung maaaprubahan, papanatilihin ng panukalang ito sa balota ang mga kasalukuyang buwis sa ari-arian na nakalaan sa kasalukuyang programa ng mga parke at libangan, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga senior center ng Lungsod, pagmementina ng mga parke at trail, paghahanda ng mga sports field, mga recreation center, Safekey programming, aquatics, mga serbisyo para sa kabataan at teenager, preschool, at mga programa ng nutrisyon sa nakatatanda. Ang tanong ay walang daragdagan, babaguhin, o ipapawalang-bisa na anumang dati nang batas.

MGA PANGANGATWIRANG PABOR SA PAGESASABATAS

Bumoto ng OO para Protektahan ang Mga Parke at Libangan sa Henderson

Sa pagboto ng OO, matitiyak na patuloy na magagamit ng mga residente ng Henderson ang mga parkeng namementina nang maayos, recreation center, at open space nang **walang dagdag** sa kasalukuyang singil ng buwis. Ipagpapatuloy lang ng panukalang ito ang dati nang ipinapataw na \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga, na nagpondo sa ating mga parke sa loob ng humigit-kumulang 30 taon at kasalukuyang nagbibigay sa **36% ng badyet ng Mga Parke at Libangan.**

Sa pagboto ng OO, matitiyak na makukuha ang **matatag na pangmatagalang pondo** para sa mga kinakailangang operasyon sa parke habang napoprotektahan ang mga nagbabayad ng buwis sa mas malalaking gastusin kalaunan. Para sa isang \$100,000 na bahay, tinatayang **\$42 lang kada taon ang babayaran—na wala pang \$4 bawat buwan.** Kung hindi ito ipagpapatuloy, maaaring mapilitan ang Henderson na putulin ang mga programang panlibangan, bawasan ang pagmementina, o iantala ang napakahahalagang pagpapahusay. Kung maaaprubahan naman ito, magagawa ng lungsod na responsableng pagplanuhan ang mga pagmementina, pagpapaganda, at lumalaking populasyon para sa mga susunod na dekada.

Lumaki ang populasyon ng Henderson sa mahigit **317,000 noong 2024 mula sa pagiging 176,048 noong 2000**. Kasabay ng paglaki ng ating lungsod, kailangan ay suportahan natin ang mga naluluma nang imprastruktura at ang mga bagong green space. Direktang nakakaapekto ang mga parke at libangan sa halaga ng mga property at paglago ng ekonomiya. Noong 2021, nakalikom ang mga parke at libangan sa Nevada ng mahigit **\$2.6 bilyon sa lokal na aktibidad sa ekonomiya**¹, kung saan hindi pa kasama ang mga benepisyo gaya ng mas matataas na halaga sa real estate, turismo, pagbuti ng kalusugan, at mga oportunidad sa development. Humigit-kumulang tatlo sa apat na nasa hustong gulang sa U.S. ang nagsasabing mahalaga ang access sa mga parke o recreation center sa malapit sa pagpili nila ng lugar na titirhan.

Nagbibigay rin ang mga parke ng mga benepisyo sa kapaligiran na nagpapaganda sa kalidad ng buhay. Sa tulong ng mga ito, nababawasan ang “heat island” na epekto sa lungsod, napapahusay ang pangangasiwa ng tubig-ulan, at napapanatili ang mga natural na tanawin. Sa pagpapatuloy ng pondong ito, magagawa ng Henderson na magpanatili ng mga napapanatiling irigasyon, magtanim ng mga bagong puno, at protektahan ang bukas na espasyo para sa mga susunod na henerasyon.

Sa pagboto ng OO, masusuportahan din ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad. Kapag maayos na namementina ang mga palaruan, trail, at sports fields, maisusulong ang pagsasagawa ng mga pisikal na aktibidad, mababawasan ang pabalik-balik na sakit, at maisusulong ang kalusugan ng kaisipan. Nagbibigay ang mga programang panlibangan ng mga ligtas na espasyo para sa kabataan pagkatapos ng klase, habang nagbibigay naman ang mga parke ng mga lugar kung saan maaaring magtipon kapag may mga kaganapan sa komunidad o hindi inaasahang pangyayari.

Poprotektahan ng panukalang ito ang nagpapatatag sa Henderson—**mga ligtas na komunidad, umuunlad na pamilya, at magandang kalidad ng buhay**. Sa pagboto ng OO, magkakaroon ang mga residente ng matatag na pondo, mapoprotektahan ang mga halaga ng ari-arian, at matitiyak na patuloy nating maipagmamalaki ang ating mga parke sa mga susunod na taon.

Panghuli, kung hindi maisasakatuparan ang tanong na ito, ang mga may-ari ng ari-arian na kasalukuyang nakikinabang sa mga regulasyon sa limitasyon sa buwis sa ari-arian ay maaaring walang makitang bawas sa buwis sa ari-arian na dapat nilang bayaran.

Bumoto ng OO. Protektahan at panatilihin ang Henderson na isang magandang tahanan.

Ang pangangatwiran sa itaas ay iniharap ng Komite para sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang pabor sa tanong na ito alinsunod sa NRS 295.217. Mga miyembro ng komite: Ted Olivas- Tagapangulo, Stephanie Cox, Eldon Thomson.

¹ <https://www.nrpa.org/publications-research/research-papers/the-economic-impact-of-local-parks/>

SAGOT SA MGA PANGANGATWIRANG PABOR SA PAGSASABATAS

Bagama't may magagandang punto ang pangangatwiran para sa pagboto ng OO para protektahan ang Mga Parke at Libangan sa Henderson, may ilang kritikal na isyu na dapat isaalang-alang:

Katatagan ng Singil ng Buwis: Bagama't sinasabi ng panukala na hindi tataas ang mga singil ng buwis, dapat mag-ingat ang mga nagbabayad ng buwis. Ang pagpapataw ng buwis sa loob ng humigit-kumulang 30 taon nang walang muling pagtatasa ay maaaring humantong sa pagiging walang pag-unlad ng pondo, lalo na't lumalaki ang mga gastusin dahil sa pagpapalabas ng labis na pera. *Pangmatagalang Kakayahang Mabuhay:* Maaaring hindi naisasaalang-alang sa pagdepende sa isang permanenteng pagpapataw ang mga pagbagsak sa ekonomiya o paglaki ng populasyon, na maaaring magresulta sa kakulangan sa badyet *Ipinagpapalagay na Epekto sa Ekonomiya:* Hindi naaangkop sa lahat ang pagpapalagay na nagpaparami ang mga parke ng aktibidad sa ekonomiya. Bagama't nakakamangha ang \$2.6 bilyon, posibleng hindi ito direktang nauugnay sa pondo para sa lokal na parke at maaaring magbigay ng labis nito ang mga benepisyong tuluy-tuloy na pagpopondo. *Mga Halaga ng Ari-arian:* Bagama't maaaring mapataas ng mga parke ang halaga ng mga ari-arian, wala itong garantiya. May iba pang kadahilanan, gaya ng dami ng krimen at lokal na serbisyo, na nakakaapekto sa mga merkado ng real estate. *Pagsasapriyoridad ng Mabisang Pamamahala:* Bago taasan ang pondo, mainam na tasahin muna ang kasalukuyang paglalaan ng mga mapagkukunan at ang kahusayan ng pamamahala sa departamento ng Mga Parke at Libangan.

Bagama't maganda ang layuning imentina ang mga parke at libangan, dapat ay maingat na suriin ng mga botante ang mga pangmatagalang implikasyon ng panukalang ito.

Ang pangangatwiran sa itaas ay iniharap ng Komite para sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang hindi pabor sa tanong na ito alinsunod sa NRS 295.217 Miyembro ng komite: Timothy Brooks.

MGA PANGANGATWIRANG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Bagama't mistulang walang masamang maidudulot ang pagpapatuloy ng pag-override sa buwis, marami itong kaakibat na dapat isaalang-alang ng mga botante.

Mga Pangunahing Dahilan para Bumoto Labas sa Override

Huwad na Seguridad: Bagama't hindi magtataas ng buwis ang pag-override, nagsusulong ito ng pagiging kampante sa mga kasalukuyang singil ng buwis. Maaaring maniwala ang mga botante na sapat ang pondo, na magresulta sa hindi pag-aksyon sa mga kinakailangang reporma sa piskalya. *Mga Pangmatagalang Pinansyal na Panganib:* Kapag ipinagpatuloy ang pag-override, maaaring magkaroon ng pagkakasundan para sa pagtaas ng buwis sa hinaharap. Puwede itong magresulta sa pagdepende sa mga pondong ito, na maaaring

makasama sa pinansyal na katatagan ng komunidad sa katagalan. *Mga Opportunity Cost:* Ang mga resource na nakatali sa pagpapanatili sa pag-override ay maaaring mas mainam na gamitin para sa mga makabagong programa at solusyong mas epektibong makakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad. *Pananagutan at Paglilinaw:* May kakulangan sa malilinaw na kahihinatnan kaugnay ng paggamit sa pondo sa pag-override. Kung walang tamang pagsubaybay, maaaring walang makita ang mga residente na kongretong benepisyo, na magresulta sa pagkabigo sa paggasta ng pamahalaan. *Pagsusulong sa Pakikibahagi ng Komunidad:* Ang pagboto nang hindi pabor sa pag-override ay maaaring magpasimula ng mas aktibong pakikibahagi sa lokal na pamamalakad. Magbibigay-daan ito sa mga residente na magsulong ng mga pasya sa badyet na naaayon sa mga prinsipyo at prioridad ng kanilang komunidad.

Kongklusyon

Sa pagboto nang hindi pabor sa pagpapatuloy ng pag-override sa buwis, magiging mas responsable ang mga residente sa pagbabadyet, kaya matitiyak na mas mahusay na magagamit ang mga pondo at patuloy na makikibahagi sa pananalapi ang komunidad sa hinaharap. Napakahalaga ng iyong boto sa pagsusulong ng paglilinaw, pananagutan, at mga napapanatiling solusyon para sa ating komunidad.

Ang pangangatwiran sa itaas ay iniharap ng Komite para sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang hindi pabor sa tanong na ito alinsunod sa NRS 295.217 Miyembro ng komite: Timothy Brooks.

SAGOT SA MGA PANGANGATWIRANG HINDI PABOR SA PAGSASABATAS

Makikita sa rekord ng Lungsod ng Henderson na sa loob ng humigit-kumulang 30 taon, responsable nilang napapangasiwaan ang pondo para sa pagbibigay at pagmementina ng mga bago/dati nang parke, pagpapaganda ng mga parke, at mga pangkultura at senior center para makasabay sa mabilis na paglaki ng populasyon ng Lungsod. Mga residente ng Henderson ang may pinakamababang buwis sa ari-arian sa lahat ng lungsod ng Nevada. Sa pagpapatuloy ng pagpopondong ito, mapapanatili ang matatag na pangmatagalang pondo para sa mga parke at programa at amenity na panlibangan. Mahalagang bumoto ng OO para maiwasan ang pagbabawas ng pondo sa programming ng mga parke at libangan, pagmementina, mga tauhan, at serbisyo.

Ang Lungsod ay magsasagawa ng mga pampublikong meeting/pagdinig, maglalabas ng mga lathalain kaugnay ng mga badyet, at sasailalim sa mga pag-audit para matiyak ang paglilinaw at pananagutan. Makikita ng mga residente ang mga resulta sa malilinis at ligtas na parke at pasilidad.

Sa pagboto ng OO, magkakaroon ng tuluy-tuloy na pondo ang Lungsod para maghatid at magpanatili ng mga bago at pinagandang parke at libangan. Kapag tinapos ang pondong ito, lubos na maaapektuhan ang nagawa nang malaking pag-usad, lalaki ang mga panganib

sa kaligtasan, at mababawasan ang sigla ng ating ekonomiya at komunidad. Pinapabuti ng mga parke ang ating ekonomiya at kalusugan. Ang mga ito ay nakakahikayat ng mga pamilya at negosyo at nagbibigay ng mga ligtas na espasyo para sa lahat ng residente.

Ang pagboto ng OO ay HINDI magpapataas ng buwis. Poprotektahan nito ang kalidad ng buhay, kaligtasan ng publiko, at pagkakabuklod ng komunidad para sa mga residente at susunod na henerasyon.

Sa pagboto ng OO, mananatili ang Henderson na isang magandang tahanan.

Ang pangangatwiran sa itaas ay iniharap ng Komite para sa Tanong sa Balota na binubuo ng mga mamamayang pabor sa tanong na ito alinsunod sa NRS 295.217. Mga miyembro ng komite: Ted Olivas- Tagapangulo, Stephanie Cox, Eldon Thomson.

INAASAHANG EPEKTO SA PANANALAPI

Ang pagpapataw ng kabuuang buwis sa property na \$0.12 sa bawat \$100.00 na matatasang halaga ay tinatayang magreresulta sa buwis sa ari-arian na may karaniwang \$42.00 kada taon para sa may-ari ng isang bagong \$100,000 na bahay. Ang kabuuang pagpapataw na ito ng buwis sa ari-arian ay tatagal nang 30 taon.